**Mga Dapat Malaman Tungkol sa**

# GSIS EDUCATIONAL SUBSIDY PROGRAM (GESP)

1. **Ano ang GSIS Educational Subsidy Program (GESP)?**

   Ang GESP ay programang nagkakaloob ng tulong na pinansiyal (subsidy) sa pag-aaral ng qualified dependent ng GSIS member. Isa itong corporate social responsibility program ng GSIS.

## <u>KUNG NAIS MAG-APPLY</u>

2. **Sino ang maaaring mag-apply sa GESP?**

   Maaaring mag-apply sa GESP ang ***active GSIS member*** na:

   a. Permanent ang status;

   b. May salary grade na 24 pababa;

   c. Walang unpaid o underpaid loan amortization nang higit sa tatlong buwan; at

   d. May anak o dependent na nasa alinmang year level sa kolehiyo at nasa kursong hindi lalampas ng limang taon sa private o public school na kinikilala ng Commission on Higher Education (CHED).

3. **Ano ang qualifications ng dependent upang maging GESP grantee?**

   Ang dependent ay dapat:

   a. May general weighted average (GWA) na 80% at walang failing grade o incomplete mark sa anumang subject; at

   b. Hindi tumatangap ng scholarship o subsidy sa anumang pribado o pampublikong ahensiya, kabilang ang GSIS Scholarship Program (GSP).

   b. Walang kapatid na kasalukuyang recipient ng GSIS Scholarship Program (GSP).

4. **Ilang slots ang nakalaan sa GESP?**

   May 10,000 slots na inilalaan kada taon sa qualified members na may pinakamababang suweldo.

Ibabatay ang bilang ng GESP grantees sa membership base sa bawat rehiyon kada taon. Kung kulang ang qualified members o grantees sa isang rehiyon, maaaring kumuha sa ibang rehiyon upang maabot ang itinakdang bilang ng slots.

5. **Magkano ang subsidy ng GESP grantee?**

   Makakatanggap ang grantee ng PhP10,000 kada academic year.

6. **Ano ang requirements sa pag-aapply sa GESP?**

   ***Mga dokumento ng GSIS member:***

   a. Filled-out GESP application form; at

   b. Certificate of Employment o certified true copy ng Service Record na pirmado ng authorized agency officer.

   ***Mga dokumento ng dependent:***

   c. Original o photocopy ng birth certificate na galing sa Philippine Statistics Authority (PSA) or sa Munisipyo

   d. Notarized affidavit na nagsasaad na hindi tumatanggap ng anumang subsidy o scholarship grant, kabilang ang GSP. (Kung mapatunayang lumabag sa patakarang ito, awtomatikong mawawala ang subsidy.);

   e. School certification na nagsasad na tanggap na o naka-enroll sa kasalukuyang academic year. Nakasaad din dito ang kurso, haba ng kurso (kung ilang taon), at year level; at

   f. Report card o school certification na nagpapakita na at least 80% ang GWA at walang failing grade o incomplete mark sa anumang subject sa nakaraang semester o term ng academic year.

7. **Saan makakakuha ng GESP application form?**

   Makakakuha ng application form saanmang GSIS office. Maaari din itong i-download sa GSIS website (www.gsis.gov.ph).

   Tatanggapin lamang ng GSIS ang application kung kumpleto ang requirements na kasama nito.

8. **Saan dapat i-submit ang GESP application form at kasamang requirements?**

   I-submit ang GESP application form at iba pang requirements sa alinman sa sumusunod:

   - Corporate Social Advocacies and Public Relations Facilities Department (CSAPRFD), Level 2, GSIS Head Office, Pasay City; o

- Pinakamalapit na GSIS branch o extension office.
  (Titingnan dito kung kumpleto ang requirements na tinanggap na mula sa aplikante bago ipadala sa GSIS Head Office para sa ebalwasyon at pagpoproseso.)

9. **Paano malalaman o makikita ang resulta ng GESP?**

   Aabisuhan ng GSIS ang qualified members sa pamamagitan ng opisyal na tawag, text message, o sulat. Ilalathala rin ang listahan ng GESP grantees sa website (www.gsis.gov.ph) at Facebook page (@gsis.ph) ng GSIS.

10. **Kung may tanong o kailangang detalye tungkol sa GESP, kanino dapat makipag-ugnayan?**

    Maaaring makipag-ugnayan kay Mgr. Raymundo Andres V. Palad; kay Ms. Leslie Anne M. Fangonil, GSP/GESP Coordinator, CSAPRFD; o sa sinumang CSAPRFD staff sa sumusunod na contact details:

    Direct line: (02)84793571 hanggang 72
    Mobile number: 09157364175
    Email address: gesp@gsis.gov.ph